

Sa Lahat ng Mga Magulang na May Anak na Foreign Nationality

Gabay para sa mga dayuhan para sa Pagpasok sa Paaralan

~ Tungkol sa paraan ng Enrollment (Pagpapatala) sa Pagpasok sa Paaralan ng Japan ~

日本の小学校・中学校について

Elementary at Junior High School sa Japan

Ang mga batang Japanese ay obligadong pumasok ng 6 na taon sa Elementarya (mula sa edad na anim hanggang labindalawa) at 3 taon naman sa Junior High School (mula sa edad na labindalawa hanggang labinlima). Ang mga batang dayuhan ay maaari ring mag-aral sa mga paaralan ng Japan sa Elementary at Junior High School ,kung ito ay kanilang nais.

Ang edukasyon ay napakahalaga para sa kinabukasan ng ating mga anak. Aming inaanyayahan ang inyong mga anak na mag-aral kasabay ng mga bata sa Komaki at matutunan ang paraan ng pamumuhay ng mga Japanese.

■ 日本の学校の学年について

Ang Taon ng Pasukan sa Paaralang Japan

- Ang isang taon ng paaralan sa Japan ay nagsisimula mula Abril 1 hanggang Marso 31 ng sumunod na taon.
- Ang antas ng baitang ay itinatakda ayon sa edad. Ang mga batang ipinanganak mula Abril 2 hanggang Abril 1 ng sumunod na taon ay ilalagay sa magkaparehong baitang.
- Ang mga bata ay pumapasok sa antas ng baitang na ayon sa kanilang edad.

■ 授業料、教科書代、給食費について

Matrikula ng Paaralan, Bayad sa Libro, at Bayad sa Pagkain

- Libre ang matrikula sa paaralan at bayad sa mga libro.
- Ang mga bayad sa pagkain at mga materyales sa pagtuturo maliban sa libro ay babayaran ng buwanan. (Ito ay humigit-kumulang na 5,000 yen para sa Elementarya at 10,000 yen para sa Junior High School.)
- Para sa mayroong mga suliranin sa pinasyal ay maaaring kumuha ng aplikasyon para sa tulong pinasyal sa bayarin para sa pagkain sa paaralan. Komunsulta lamang po sa Educational Division. (Hindi lahat ay maaaring maaprubuhan para makatanggap ng tulong pinasyal.)

■ 入学の手続について

Ang Pamamaraan ng Enrollement (Pagpapatala)

- ① Dalhin ang Residence Card ng magulang at ng anak sa Komaki City Hall, sa 3rd floor ng main bldg. , sa tanggapan ng Educational Division at sabihin na nais mag-enroll sa Elementary o sa Junior High School.
- ② Matapos kumpletuhin ang aplikasyon sa City Hall ay pumunta kasama ng anak sa paaralan kung saan ipinapatala o papasok ang iyong anak.

(Mga Paalala)

- ※ Hindi maaaring malayang makapili kung aling paaralan ang pagpapatalaan o papasukan ng iyong anak. (Ito ay itinatakda ayon sa kung saan ang address ng tirahan.)
- ※ Batay sa patakaran, ang mga bata ay nagpapatala o papasok batay sa antas na kanilang edad.

■ 入学する子どもが、ほとんど日本語がわからないとき

Mga Nag-enroll o Papasok na Batang Hindi Halos Makapagsalita ng Nihonggo

Ang Komaki, City ay mayroong silid-aralan na tinatawag na " Nijikko Kyoushitsu" para sa mga batang hindi halos makapagsalita ng Nihonggo at hindi din pamilyar sa mga paaralan ng Japan

『にじっこ教室』 [Mga Silid-Aralan ng Nijikko]

Kapag nag-enroll sa Elementary o Junior High School ang mga bata na hindi halos makapagsalita ng Nihonggo ay maaaring pumasok ng tatlong buwan sa "Silid-Aralan ng Nijikko" para matutukang matutunan ang pang-araw-araw na pagkikipagusap, hiragana, katakana, mga patakaran ng paaralan , kaugalian, atbp. (Ang mga bata ay magsisimulang magkaroon ng mga regular na klase sa paaralang kanilang papasukan pagkatapos ng pag-aaral sa Silid-Aralan ng Nijikko.)

- ※ Para sa mga karagdagang detalye, mangyaring magtanong sa Educational Division.

■ 学校からのお願い

Pakiusap mula sa mga Paaralan

- Mangyaring tumawag sa iyong paaralan kapag liliban o hindi papasok at kung late na papasok ng klase.
- Huwag pumasok sa paaralan ng may manicure , hikaw at makeup.
- Hindi maaaring magdala ng pagkain sa paaralan.
- Kumunsulat sa guro kung mayroong problema o pinag-aalala.

■ その他 **ba pa**

Ang website ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya ay mayroong detalyadong impormasyon ukol sa pagpasok sa paaralan na mayroong pitong wika.

(http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm)

Korean, Vietnamese, Chinese, Espanyol, Tagalog, Ingles, at Portuguese